Calgary

Handa na ba ang iyong tahanan at ari-arian sa klima?

# Protektahan ang iyong tahanan mula sa **baha at malakas na ulan**



Ang mga kaganapan ng pagbabaha sa ilog at malakas na ulan ay nangyayari nang mas madalas sa pagbabago ng klima. Karamihan sa mga tahanan ay nasa panganib ng pagbabaha, hindi lamang ang mga malapit sa ilog. Ang pagbabaha ay maaaring sanhi ng mas mataas na antas ng ilog at/o malakas na pag-ulan, at maaaring humantong sa mabilis na pagkalat ng tubig sa ibabaw ng lupa, na tumatagos sa lupa at sa mga silong, umaapaw mula sa mga alulod ng tubig ng bagyo, o dumi sa alkantarilya na bumabalik sa mga alulod ng silong, mga lababo, at mga banyo. Itinatampok ng mapagkukunang ito ang ilan sa mga nangungunang aksyon na maaaring gawin ng mga Calgarian upang protektahan ang kanilang mga tahanan at mga ari-arian mula sa mga epekto ng baha.

Tingnan ang calgary.ca/climatereadyhome upang matuto nang higit pa tungkol sa pagbabawas ng panganib sa pagbabago ng klima sa bahay.

## Mga pangunahing aksyon sa proteksyon ng tahanan ($0)



Unawain ang iyong panganib sa baha sa ilog sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga mapa ng baha ng Calgary.

**Bisitahin ang** maps.calgary.ca/riverflooding



Alisin ang mga dahon at mga labi mula sa iyong mga alulod upang mabawasan ang labis na tubig-ulan mula sa pag-agos sa mga gilid ng iyong bahay at tumagos sa iyong silong.




Suriin ang iyong polisa ng seguro taun-taon at alamin ang tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa seguro sa pinsala sa baha at/o tubig.



Kung mayroon kang sump pump at/o aparato ng pag-iwas sa pabalik na daloy, tingnan kung gumagana ang mga ito at linisin ang mga ito tuwing tagsibol.



Iparada ang mga sasakyan sa mas mataas na lugar sa panahon ng panganib sa baha o malakas na ulan, kung nasa ilalim ng lupa na paradahan o mababang lugar.

## Kumpletuhin ang mga simpleng pagpapahusay (mas mababa sa $250)



Kung mayroon kang mga balon na bintana, maglagay ng mga proteksiyon na takip upang maiwasan ang pag-iipon ng ulan (tiyaking natutugunan ang mga kinakailangan sa kaligtasan ng sunog).



Pahabahin ang mga pababang palabasan [downspout] at nagpapalabas na tubo ng sump sa damuhan o berdeng ibabaw, palayo sa bahay ng iyong kapitbahay.



Protektahan ang iyong mga ari-arian at mga mapanganib na materyales sa mga lalagyan na hindi tinatablan ng tubig o iimbak sa mga mataas na lugar na lokasyon.



Maglagay at magpanatili ng mga alarma para sa tubig upang matiktikan ang pagkakaroon ng tubig sa mga lokasyon kung saan hindi dapat may tubig; hal., malapit sa iyong washing machine.



Takpan ang mga bitak sa mga pader ng pundasyon at mga sahig ng silong. Magtanong ng mga produkto sa iyong lokal na tindahan ng hardware.

## Kumpletuhin ang mas kumplikadong mga pagpapahusay (mahigit sa $250)



Maglagay ng mga balon ng bintana upang ang mga tuktok ay nakaupo sa 10-15 sentimentro sa itaas ng lupa at pabutihin ang mga bintanang lumalaban sa tubig.



Baguhin ang iyong paysahe: mga rain garden, tamang grading ng lote, earth berms ay maaaring makabawas sa iyong panganib sa baha.

**Matuto ng higit pa sa** calgary.ca/YardSmart




Maglagay at magpanatili ng aparato sa pag-iwas ng pabalik na daloy sa iyong tubo ng alkantarilya upang makatulong na protektahan ang iyong tahanan mula sa mga pagbalik ng dumi sa alkantarilya.



Maglagay at magpanatili ng sump pump na may alternatibong suplay ng kuryente, at/o isaalang-alang ang pagdaragdag ng alternatibo o pangalawang pump, baterya o generator.



Itaas ang iyong mga palingkurang-bayan (hal., furnace, tangke ng mainit na tubig) sa pamamagitan ng paglalagay ng mga ito sa isang nakataas na plataporma o paggawa ng silid ng palingkurang-bayan na nasa mas mataas na palapag.

Para sa higit pang impormasyon sa paghahanda sa sakuna at paggawa ng plano ng aksyon sa emerhensiya, bisitahin ang calgary.ca/getready

Inihanda sa pakikipagtulungan sa: INTACT CENTRE ON CLIMATE ADAPTATION, UNIVERSITY OF WATERLOO

24-0036143-ADV-26745